6

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

ARALING PANLIPUNAN

This is a Government Property. Not For Sale

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grades 6 ARALING PANLIPUNAN

---

**DEVELOPMENT & EDITORIAL TEAM:**


Writers: Loida B. De Guzman-Highway Hills Integrated

Frankie R. Guardian- Amado T. Reyes Elementary School

Illustrators:

Layout Artists:

Content Editors: Jovy A. Swing

Language Editors: Jovy A. Swing

Management Team:

Regional Director: Malcolm S. Garma

SDS : Romela M. Cruz

CLMD Chief: Genia V. Santos

CID Chief : Alyn G. Mendoza

Regional EPS (Araling Panlipunan): Andrew E. Tan

Regional LR Supervisor : Dennis M. Mendoza

SDO EPS (Araling Panlipunan) : Ceasar A. Nachor

SDO LR : Ruby E. Baniqued

Regional Librarian : Nancy S. Mabunga

PDO II - LRMDS : Dorothy Grace I. Reyes

Librarian II : Calixto N. Camangeg



***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

---

## ARALIN 1

Ang mga programang ipinatupad ng iba't-ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972**. (Ramon F. Magsaysay)**

### INAASAHAN:

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

- Matatalakay ang mga programang ipinatupad ni Pangulong Ramon F. Magsaysay sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino.
- Maipaliliwanag ang iba't ibang Programang ipinatupad ni Pangulong Ramon F. Magsaysay sa pagtugon sa mga suliranin.
- Matutukoy ang mga pangunahing layunin ng pangasiwaan ni Pangulong Ramon F. Magsaysay

### UNANG PAGSUBOK

**Panuto**:Isulat ang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Ang (PCAC , SEATO) ay itinatag noong Setyembre 1954.

_____ 2. Layunin ng (PCAC, ACCFA at FACOMA) ang magpautang sa mga magsasaka upang may maipambili ang mga ito sa kanilang pangangailangan.

_____ 3. Upang mapakinggan ang daing ng mga mamamayan itinatag ang (PCAC, ACCFA at FACOMA)

_____ 4. Ang (*Magna Carta* ng Paggawa, SEATO) ay nagbibigay ng karapatan sa mga manggagawa upang magtatag ng union at makipag-ayos sa pamahalaan.

_____ 5. Ang (*Land Tenure Reform Law* , PCAC) ay tumulong sa mga magsasaka upang makabili ng lupa mula sa mga haciendero sa murang halaga.

### BALIK-TANAW

**Panuto:** Sagutin ang tanong (5 puntos).

May samahan ba ngayon na maihahalintulad sa Huk? Kung mayroon ano ito at bakit?_______________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### RAMON MAGSAYSAY (Ang Pangulo ng Karaniwang Tao)

Si Pangulong Ramon Magsaysay ang kauna-unahang nagbibihis ng Barong Tagalog. Kaya sa kauna unahang pagkakataon ay nagsuot ng barong tagalog ang Pangulo ng Republika sa araw ng kanyang panunumpa. Maging ang kanyang Pangalawang Pangulo na si Carlos P. Gacia ay nakasuot din ng barong tagalog. “Kampiyon ng Masang Pilipino at Kampiyon ng Demokrasya” ito ang mga tanyag na taguri kay Pang. Ramon Magsaysay sa kasaysayan ng pulitika ng Pilipinas.

Nang nanumpa si Pangulong Magsaysay bilang ikatlong Pangulo ng Ikatlong Republika noong ika-30 ng Disyembre 1953 ay napakaraming tao ang dumalo sa Luneta (Bagumbayan) kung saan siya nanumpa. Dahil sa pagiging idolo ng sambayanang Pilipino, siya lamang ang unang pangulo ang nagbukas ng pintuan ng Malacanang para sa lahat ng mamamayan ng bansa.

Ayon sa kanya, ito ay pag-aari ng bayan at ang tunay na kapangyarihan ay nasa taumbayan. “Kaligayahan at katatagan ng Karaniwang tao” – ito ang kanyang palatuntunan bilang pangulo ng bansa.

Upang maisakatuparan ito ay ipinahayag niyang paunlarin niya ang mga baryo ay ipinatupad ni Magsaysay ang sumusunod na programa:

1. **Land Tenure Reform Law**- Ang mga malalaki o malalawak na kalupaan mula sa mga haciendero ay ipinagbili sa mga magsasaka sa murang halaga lamang.
2. *Agricultural Credit and Cooperative Financing Administration* **(ACCFA)** at *Farmers Cooperative Marketing Association* **(FACOMA)-** nagpautang upang magkaroon ng pambili ng sariling kalabaw, punla at iba pang kailangan ng mga magsasaka
3. Pananaliksik tungkol sa makabagong Sistema ng pagsasaka at bagong uri ng binhi, tulad ng ***Masagana 99.***
4. Pagpapatayo ng mga daan, tulay poso artesyano, at patubig upang mapabilis ang pag-unlad ng mga baryo.
5. **Magna Carta ng Paggawa**- Ang mga manggagawa ay binigyan ng Karapatang magwelga, magtatag ng union at makipag-ayos sa pamahalaan.

Itinatag din ni Panglong Magsaysay ang *Presidential Complaints and Action Committee* (PCAC)upang makinig sa mga daing ng mga ordinaryong mamamayan at mabigyan ito ng solusyon. Upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan itinatapag pa niya ang *Commissionon National Integration* (CNI).

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

Sa kanyang panunungkulan, idinaos ang Manila Internatioanl Conference of 1954 na nagbigay daan sa pagkatatag ng SEATO (*South East Asian Treaty Organization*) noong Setyembre,1954.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Isulat sa bilog ang mga naging programang nailatag ni **Pangulong Ramon Magsaysay** sa kaniyang panunungkulan.

1. PCAC
2. ACCFA
3. SEATO
4. FACOMA
5. NAMARCO

## GAWAIN 2

**Panuto**: Itala ang mga programang pampahalaan ng mga sumusunod na pangulo na naging tugon sa suliranin at hamong kinaharap ng bansa mula 1946-1972.

| Pangulong Ramon F. Magsaysay |
| --- |
| |
| |
| |
| |
| |

## TANDAAN

Si Pangulong Magsaysay ang tinaguriang Tagapagligtas ng Demokrasya dahilan sa kanyang ginawang pagtataguyod sa demokrasya at pagliligtas sa Republika sa banta ng mga Huk. Isinagawa niya ito sa pamamagitan ng pagdinig sa mga pangangailangan ng mga magsasaka, pagpapaunlad ng mga kanayunan, at pagtuturo ng mga makabagong paraan sa pagsasaka.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto :** Isulat ang **T** kung totoo ang diwa ng pangungusap at **H** kung hindi totoo.

_____1. Kilala si Ramon Magsaysay sa katangiang kauna-unahang pangulo na nagsuot ng barong Tagalog sa kanyang inagurasyon.

_____2. Kilala si Magsaysay bilang "Kampiyon ng Masang Pilipino at Kampiyon

ng Demokrasya".

_____3. Ang *Magna Carta* ng Paggawa ay nagpapautang sa mga maggagawa.
_____4. Si Pangulong Magsaysay ang tinaguriang pangulo ng masa.
_____5. Natapos ni Panulong Magsaysay ang kanyang termino dahil mahal siya ng masa.

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Basahin ng mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1.Kailan naging pangulo si Ramon Magsaysay?
A. 1992-1998
B. 1986-1992
C. 1960-1966
D. 1953-1957

2. Saan ipinanganak si Ramon Magsaysay?
A. Iba
B. Balabas
C. San Jose
D. Pandan

3. Alin ang HINDI kasama sa programa ni Pangulong Magsaysay?
A. PCAC
B. FACOMA
C. *Filipino First Policy*
D. *Land Tenure Reform Law*

4. Ano ang kahulugan ng PCAC?
A. *Presidential Complaints and Action Committee*
B. *Presidential Complaints and Active Committee*
C. *Presidential Complaints and Avail Committee*
D. *Presidential Complaints and Act Committee*

5. Paano nakatulong ang *Magna Carta* ng Paggawa sa mga manggagawa? Nagbibigay ito __________
A. ang magaan na trabaho.
B. ng pera sa mga maggagawa.
C. ng libreng edukasyon sa manggagawa
D. ng karapatan upang makapagtatag ang manggagawa ng union.

## ARALIN 2 :

Ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1946 hanggang 1972**. (Carlos P. Garcia)**

**INAASAHAN:**

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

- Matatalakay ang mga programang ipinatupad ni Pangulong Carlos P. Garcia sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

---

- Maipaliliwanag ang iba't ibang Programang ipinatupad ni Pangulong Carlos P. Garcia sa pagtugon sa mga suliranin.
- Matutukoy ang mga pangunahing layunin ng pangasiwaan ni Pangulong Carlos P. Garcia.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Isulat sa **CG** kung ang programang isinasaad ay kay Carlos Garcia at **RM** naman kung ito ay programa ni Ramon Magsaysay.

____ 1. Ipinatupad ang *Filipino Retailers Fund Act* (1955)
____ 2. Pagpapatanyag ng paagsusuot ng Barong Tagalog
____ 3. Sa kaniyang panunungkulan itinatag ang SEATO.
____ 4. Pinaikli sa 25 taon ang pag-upa ng mga base militar sa halip na 99 taon
____ 5. Inilunsad niya ang programa para magkaroon ang mga Pilipino ng matipid at maayos na pamumuhay.

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Sagutin ang tanong (5 puntos)

Paano sinikap malutas ni Pangulong Magsaysay ang suliranin sa kahirapan ng buhay?____________________________________________

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### Carlos P. Garcia (1957-1961)

Pagkatapos pumanaw si Pangulong Magsaysay, nanumpa si Carlos P. Garcia Bilang Pangulo ng Pilipinas. Tinapos niya ang buong panunungkulan ni Pangulong Magsaysay. Nanalo siya sa halalang pampanguluhan noong Nobyembre 12, 1957. Pangalawang Pangulo naman si Diosdado Macapagal.

Inilunsad niya ang ***Austerity Program*** na naglalayong makatipid sa paggastos ang pamahalaan, maging maayos ang paggawa, mapalaki ang pamumuhunang kapaki-pakinabang, maging matapat at mapagbigay ng kasiya-siyang paglilingkod sa taong-bayan.

**Iba pang Programang Ipinatupad ni Pangulong Garcia:**

- Patakarang Pilipino Muna o ***Filipino First Policy*** dahil marami ang dayuhang mangangalakal sa bansa noon. Sa programang ito, dapat bigyan muna lahat ng pagkakataon ang mga Pilipino na mapaunlad ang kanilang kabuhayan bago ang mga dayuhan.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

- ***Filipino Retailers Act*** (1955) na nagpapautang sa mga Pilipino
- ***National Marketing Corporation Act*** (NAMARCO) na nagtustos sa mga maliit na Pilipino na mangangalakal.

Mahuhusay ang mga programa na inilunsad ni Pangulong Garcia, ngunit hindi mapigilan ang suliranin sa pagtaas ng mga bilihin. Hindi natamo ang katiwasayan at lumaganap din ang katiwalian.

Naging suliranin din ng ating bansa ang kakulangan sa reserbang dolyar sa bansa. Ipinatupad ang paghihigpit sa pag-aangkat ngunit naging sanhi ito ng paghina ng kalakalan ng Pilipinas at Amerika. Nanatili pa rin ang suliranin.

**Mga Pagbabagong Ipinatupad ni Pangulong Carlos P. Garcia**

- Ang pagtaas ng bandilang Pilipino na katabi ang bandilang Amerikano sa mga base militar simula noong unang araw ng Mayo 1957.
- Ang daungang pangmilitar sa Maynila na dating kontrolado ng Amerika ay ibinalik sa Pilipinas.
- Ang pagpapaupa sa mga base militar ay pinaikli ng 25 taon sa halip na 99 taon. Pag-alis sa kontrol ng mga Amerikano sa karapatan sa Olongapo.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Ipaliwanag ang iyong sagot:

1. Bakit nagkaroon ng mga suliranin na naging balakid sa ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos sa panahon ng pamamahala ni Pangulong Garcia? (2 puntos) ____________________________________________________________.
2. Alin sa mga programa ng Pamahalaang Garcia ang kapuri-puri? Bakit? (2 Puntos)____________________________________________________.

## GAWAIN 2

**Panuto**: Isulat ang Tama kung ang pangungusap ay tumutukoy sa mga programa ng pamahalaan ni Pangulong Carlos P. Garcia at isulat ang Mali kung ito ay hindi niya programa.

_____1. Tinapos niya ang buong panunungkulan ni Pangulong Magsaysay.

_____2. Inilunsad niya ang ***Austerity Program*** na naglalayong makatipid sa paggastos ang pamahalaan.

_____3. Ang *Presidential Complaints and Action Committee* ay itinatag ni Pangulong Magsaysay.

_____ 4. Siya ang tanging pangulong nagbukas ng pintuan ng Malacanang para sa lahat ng mga mamamayan.

***(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)***

________________________________________________________________

_____ 5. Nanalo siya sa halalang pampanguluhan noong Nobyembre 12, 1957.

## TANDAAN

Sa panunungkulan ni Pangulong Carlos P. Garcia ay binigyang pansin niya ang pagpapaunlad ng antas ng pamumuhay ng mga mamamayan. Kaya sa kanyang panunungkulan ay inilunsad niya ang mga programang malaki ang posibilidad na maktulong sa pagsulong at pag-angat ng bayan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Itala ang mga programang pampahalaan ng sumusunod na pangulo na naging tugon sa suliranin at hamong kinaharap ng bansa mula 1946-1972.

| Pangulong Carlos P. Garcia |
|---|
| |
| |
| |
| |

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Isulat sa patlang ang mga programa at patakaran na ipinatupad ni Pangulong Garcia. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *National Marketing* | *Corporation Act* | *Land Tenure Reform Law* | *Paghigpit sa Pag-aangkat* |
| *Filipino Retailers Act* | *Filipino First Policy* | *Austerity Program* | |

_______________1. Ayon sa programang ito, dapat lahat ng Pilipino ay mabigyan ng pagkakataong mapaunlad ang kanilang kabuhayan bago ang dayuhan.

_______________2. Ang programang ito ang naglalayon na makatipid sa paggastos ng pamahalaan, maging maayos ang paggawa, magbigay ng kasiya-siayng paglilingkod sa taong-bayan.

_______________3. Ito ay programang nagpapautang sa mga Pilipino walang puhunan.

_______________4. Ang programang ito ang nagtutustos sa mga maliliit na mga Pilipinong mangangalakal.

_______________5. Inilunsad ang patakarang ito upang maiwasan ang lumalalang kakulangan sa reserbang dolyar sa bansa.

---

## SANGGUNIAN


- https://en.wikipedia.org/wiki/Ramon_Magsaysay
- https://en.wikipedia.org/wiki/Carlos_P._Garcia
- Ylarde, Zenaida R., Peralta, Gloria A. EdD., Ugaliing Pilipino sa MAKABAGONG PANAHON- Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon , Batayang Aklat sa Ika-anim na Baitang, pahina 80-87.


## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**
**UNANG PAGSUBOK**

1. SEATO
2. ACCFA at FACOMA
3. PCAC
4. Magna Carta ng Paggawa
5. Land Tenure Reform Law
6.

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. D
2. A
3. C
4. A
5. D

**Aralin 2**
**ASSESSMENT**
**PAG-ALAM SA NATUTUNAN**

1. Patakarang Pilipino Muna o ***Filipino First Policy*** dahil marami ang dayuhang mangangalakal sa bansa noon. Sa programang ito, dapat bigyan muna lahat ng pagkakataon ang mga Pilipino na mapaunlad ang kanilang kabuhayan bago ang mga dayuhan.
2. ***Filipino Retailers Act*** (1955) na nagpapautang sa mga Pilipino
3. ***National Marketing Corporation Act*** (NAMARCO) na nagtustos sa mga maliit na Pilipino na mangangalakal.
4. ***Austerity Program-*** na naglalayong makatipid sa paggasta ang pamahalaan.
5. Pagpapaikli sa 25 taon na pag-upa sa mga base militar sa halip na 99 taon